# Maayos na pangkabuhayan sa vendors na apektado ng clearing sa QC

Bibigyan ng maayos na pangkabuhayan ang mga vendors na naapektuhan sa paglilinis sa mga illegal structures sa mga lansangan ng Quezon City.

Ito ang sinabi ni QC Mayor Joy Belmonte sa mga ulat na hindi pa compliant ang lokal na pamahalaan sa clearing operations sa lungsod.

Binigyang diin ni Belmonte na tinutupad naman ng QC government ang pagwawalis sa mga obstruction sa kalsada batay sa pagtupad sa utos ng DILG at direktiba ng Pangulong Rodrigo Duterte pero hindi ito kailangang madaliin.

Anya, mahalaga na walang maiiwan sa ginagawang pagpapatupad ng kalagayang pangkaayusan sa lungsod.

Sa ngayon anya, binabalanse ng tanggapan ang aspetong livelihood programs para sa mga illegal vendors at pagsunod sa utos ng Chief Executive.

Sinabi pa ni Belmonte na tinututukan ng administrasyon ang kapakanan at kabuhayan ng mga vendor na apektado ng road-clearing operations gayundin ay hinahanapan nila ng public market ang mga displaced vendor para doon sila ay magkaroon ng legal na puwesto na walang rental fee.

Maraming illegal vendors ang hindi makapagtinda sa mga paid establishment dahil sa laki ng upa sa puwesto sa kabila na mababa naman ang kanilang kita.

Una nang nangako si Belmonte na tutulungan ang mga maapektuhang vendor upang maipagpatuloy ang hanapbuhay sa legal at maayos na paraan para sa kani-kanilang pamilya nang kausapin ang mga ito kamakailan. *(Angie dela Cruz)*